Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap, at magpagalak kayo at huwag kayong magpalayo ng loob."}

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Magpadali kayo at huwag kayong magpahirap, at magpagalak kayo at huwag kayong magpalayo ng loob."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapagaan at pagpapadali sa mga tao at hindi pagpapahirap sa kanila sa lahat ng mga nauukol sa Relihiyon at Mundo. Iyon ay sa mga hangganan ng ipinahintulot at isinabatas ni Allāh. Humihimok siya ng pagpapagalak sa kanila sa pamamagitan ng kabutihan at hindi pagpapalayo ng loob nila rito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5866